# MGA PAGBABAGO SA PAG-UULAT PARA SA CalWORKs AT CALFRESH

| | |
|---|---|
| PANGALAN NG KASO: | |
| NUMERO NG KASO: | |
| NUMERO NG WORKER: | |

**Dahil nakakakuha kayo ng ☐ CalWORKs ☐ CalFresh, kailangan ninyog iulat sa loob ng 10 araw kapag umabot sa isang partikular na antas ang inyong KABUUANG kita.** Dapat ninyong iulat kahit anumang oras na ang kabuuang buwanang kita ng inyong sambahayan ay mahigit sa inyong kasalukuyang Hangganan ng Inuulat na Kita (Income Reporting Threshold, IRT).

| Uri ng Benepisyo | CalWORKs | CalFresh |
|---|---|---|
| Laki ng Pamilya | | |
| Iyong Kasalukuyang Kita | | |
| **Ang iyong IRT ay** | | |

**Tandaan:** Kung ang iyong IRT para sa CalFresh ay nakalista bilang “N/A”, hindi mo kailangang iulat ang mga pagbabago sa kita para sa CalFresh hanggang sa susunod mong SAR 7 o muling pagpapatunay, alinman ang mauna. Gayunpaman, kung mayroon kang halaga ng IRT na nakalista para sa CalWORKs, kailangan mong iulat kapag lumampas sa halagang iyon ang iyong kabuuang (gross) kita bago ito bawasan.

**<u>Paano mag-ulat?</u>**

Kung ang iyong kabuuang kita ay lagpas sa halaga ng IRT na nakalista sa itaas, dapat mo itong iulat sa County **sa loob ng 10 araw**. Maaari mong iulat ang impormasyong ito sa County sa pamamagitan ng pagtawag sa County o pag-uulat nito sa pamamagitan ng liham.

<u>Kapag sinabi naming “kabuuang buwanang kita”, ang ibig naming sabihin ay:</u>

- ⇨ Anumang perang makukuha mo (kinita **at hindi kinita**).
- ⇨ Ang halaga *bago* ang anumang mga pagbabawas. (Ang mga halimbawa ng mga pagbabawas ay: mga buwis, Social Security o iba pang kontribusyon sa pagreretiro, mga garnishment, atbp.)

**<u>Ano ang mangyayari?</u>**

- ⇨ Maaaring babaan o ihinto ang iyong mga benepisyo batay sa kita na lagpas sa iyong IRT.
- ⇨ Maaaring magbago ang iyong IRT kapag nagbago ang iyong kita o kapag may nakitira o umalis sa iyong tahanan.
- ⇨ Sa tuwing magbabago ang iyong IRT, ipapaalam ito sa iyo ng County sa pamamagitan ng liham.
- ⇨ Sa panahon ng iyong taunang redetermination/recertification (redetermination/recertification, RD/RC) , dapat mo ring iulat ang lahat ng kita na hihilingin ng RD/RC form, kahit na naiulat mo na ang perang iyon.

**<u>Parusa sa hindi pag-uulat</u>**

Kung hindi ka mag-uulat kapag lumagpas ang iyong kita sa limitasyon sa IRT ng iyong sambahayan, maaari kang makakuha ng higit pang mga benepisyo kaysa sa dapat mong matanggap. **Dapat** mong ibalik ang anumang mga dagdag na benepisyong makukuha mo kung hindi ka mag-uulat. Kung sadya kang hindi mag-uulat upang subukang makakuha ng higit pang mga benepisyo, panloloko ito, at maaari kang sampahan ng krimen.

**Dahil nakakakuha kayo ng CalWORKs, <u>KAILANGAN DIN</u> ninyong iulat ang mga bagay na nasa ibaba <u>sa loob ng 10 araw</u> kung kailan nangyari ang mga ito:**

1. Sa tuwing may titira o aalis sa iyong sambahayan.
2. Anumang oras na mayroong sasali sa inyong sambahayan o nasa inyong sambahayan, na lumalabag sa isang kondisyon ng probasyon o parol.
3. Sa tuwing may titira sa iyong sambahayan, o kapag may isang miyembro ng iyong sambahayan, na nagtatago sa batas.
4. Sa tuwing magbabago ang iyong address.

**Kung nakakakuha kayo ng CalFresh, <u>DAPAT DING</u> iulat ninyo ang mga sumusunod:**

- Kung isa kang Nasa Hustong Gulang na Nakakapagtrabaho na Walang Mga Dependent (Able Bodied Adult Without Dependents, ABAWD), dapat kang mag-ulat sa tuwing *bababa* ang iyong mga oras ng pagtatrabaho o pagsasanay sa 20 oras sa isang linggo o 80 oras sa isang buwan.

**<u>Boluntaryong pag-uulat ng impormasyon</u>**

Maaari ka ring boluntaryong mag-ulat ng mga pagbabago sa County anumang oras. *Ang pag-uulat ng ilang pagbabago ay maaaring makapagbigay sa iyo ng higit pang mga benepisyo*. Halimbawa:

- May nabuntis sa tahanan.
- Ang isang taong tumatanggap ng tulong na pera ay mayroong espesyal na pangangailangan, gaya ng: pagbubuntis, isang espesyal na diyeta na inireseta ng isang doktor, emergency sa tahanan, atbp.
- Para sa CalFresh, kung ang isang taong may kapansanan o may edad na 60 o mas matanda ay mayroong bago o mas mataas na mga gastusing medikal mula sa sariling bulsa.